INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 10 October 2025, eISSN: 2799-0664

# Mga Estratehiya sa Pagtuturo-Pagkatuto sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat

**NERISSA N. BEHHAY**
Ifugao State University
Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao
nerissabehhay@gmail.com

## ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin at tukuyin ang mabisang pamamaraan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ang impluwensya nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakapokus din ang pag-aaral sa pagsusuri ng mga estratehiya upang matukoy kung gaano kadalas itong ginagamit ng mga guro, at alamin ang mga suliraning kinakaharap kaugnay ng paggamit nito. Makikita sa resulta ang matagumpay na kinalabasan ng pananaliksik bunga ng pagiging mapanuri at maparaan sa kanilang pagbabahagi ng kaalaman. Ito ay nakatulong sa mga mag-aaral upang higit na pahalagahan at linangin ang kanilang nabuong kaalaman. Ang mga respondente ay binubuo ng mga guro sa Filipino at mga mag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pangsekundarya na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Ifugao State University-Potia Campus. Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibo-developmental na disenyo, at nilapatan ng angkop na istatistikang pagsusuri ang mga nakalap na datos. Sa unang layunin, ginamit ang frequency at rank, samantalang weighted mean naman ang isinagawa para sa ikalawa at ikatlong layunin upang mailahad ang inaasahang resulta ng pananaliksik. Batay sa mga natuklasan, ang pinakapiniling estratehiya ng mga guro ay ang Bagyuhang-utak (Brainstorming) at Integrasyon ng ICT. Napag-alaman din na madalas gamitin ng mga guro ang nasabing mga estratehiya. Gayunpaman, hindi gaanong sumasang-ayon ang mga mag-aaral hinggil sa mga suliraning kaakibat ng paggamit ng mga ito. Napakalaking tulong din ang pagiging mapamaraan at malikhain ng mga guro sa paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo, sapagkat nakasalalay sa kanila ang matagumpay na pagpaplano ng isang makabuluhang karanasan ng pagkatuto. Bilang karagdagan, napakalaking ambag ang paglinang ng isang sanayang-aklat kalakip ang angkop na estratehiya at mga malikhaing gawain o pagsasanay sa bawat aralin upang masukat ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral.

***Keywords* — *asignaturang Filipino, estratehiya, pagkatuto, pagtuturo, sanayang-aklat***

## I. INTRODUCTION

Ang mabisang paghubog ng kaalaman ay higit na nakasalalay sa isang guro na may kasanayan at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo. Mahalaga ang paggamit ng angkop na estratehiya at maayos na proseso upang maisalin nang tama ang impormasyon sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng pagkakataong maipakita ang kanilang kakayahan at maitanim sa kanilang isipan at damdamin ang tunay na halaga ng edukasyon.

Sinasabing nakasalalay sa epektibong pamamaraan ng guro ang matagumpay, kawili-wili at makabuluhang pagkatuto ng isang mag-aaral. Tungkulin ding magplano at magpasya kung aling estratehiya ang pinakaangkop batay sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

layunin, sitwasyon, kakayahan ng mga mag-aaral, at sa paksang tatalakayin. Mahalaga ring laging isaalang-alang ang kapakanan ng mga mag-aaral sa bawat hakbang ng pagtuturo. Sa larangan ng wika, ang estratehiya ay tumutukoy sa mga kagamitang panturo at gawaing gumagamit ng awtentikong teksto, larawan, o larong pangwika (Alvarez, 2021).

Batay sa pag-aaral nina Colendra at Carada (2023), natuklasan na ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya gaya ng gamification tools (halimbawa : Wordwall at ClassPoint) sa pagtuturo ng Filipino ay nakatutulong upang mapataas ang antas ng partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang epektibong paraan ang ganitong estratehiya upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral, lalo na ng mga may kahinaan sa kasanayang lingguwistiko. Samantala, sa pananaliksik ni Rivera (2024) napatunayan na higit na napalalalim ang linguistic competence ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at kolaboratibong gawain, partikular kung flipped classroom approach ang ginagamit sa pagtuturo ng wika.

Ayon kay Cantal (2000) na binanggit sa pag-aaral ni Carmona (2016), magiging mabisa lamang ang anumang estratehiya kung ito ay naaangkop sa aralin, katangian ng mag-aaral, kapaligiran, at layunin ng pagtuturo. Ang isang mahusay na klasrum pangwika ay nailalarawan sa pamamagitan ng aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Hindi rin dapat ipagwalang-bahala ang malaking ambag ng mga magulang at ng tahanan sa pagkatuto ng mga bata. Ayon kay Cabigao (2014), ang pakikipag-ugnayan ng guro sa mga magulang ay isang mahalagang estratehiya upang mahikayat ang mga mag-aaral na tugunan ang pangangailangan sa kanilang asignatura. Likas sa mga guro ang pagiging malikhain at masiglang imahinasiyon, sapagkat ito ay isang mahalagang salik sa pagkuha ng interes ng mga tinuturuan.

Sa kabuuan, anumang estratehiya ang piliin sa pagtuturo ay kailangang : (1) angkop sa lebel ng mga mag-aaral, (2) bunga ng kooperasyon o pagkakaisa ng guro at mag-aaral, (3) may probisyon para sa pagkakaiba-iba, (4) nakabatay sa kanilang karanasan, (5) nakapupukaw ng aktibong partisipasyon, (6) resulta ng masusing paghahanda, at (7) tumutugon sa layunin ng pagtuturo at pagkatuto. Pinatotohanan ito ni Rivera (2024) sa kanyang paglalapat ng flipped classroom approach, kung saan napahusay ang kakayahang linggwistika ng mga mag-aaral mula sa antas na “good” patungong “very good”. Samantala, napatunayan din sa pag-aaral ni Catanes (2025) na epektibo ang paggamit ng mga alternatibong estratehiya sa pagtuturo tulad ng gamification, role-playing, at mga teknik sa pagpapalawak ng bokabularyo sa pagpapayaman ng karanasan sa pagkatuto ng wikang Filipino, lalo na sa mga mag-aaral na karaniwang gumagamit ng wikang Ingles.

Kung gayon, layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro at ang mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng sanayang-aklat para sa Filipino. Naniniwala ang mananaliksik na malaki ang magiging ambag ng gawaing ito hindi lamang sa mga guro, kundi maging sa iba pang asignatura at pananaliksik. Bilang pangkalahatan, nananatiling mahalaga ang istilo ng pagkatuto ng mag-aaral sa pagpili ng angkop na estratehiya. Kapag nagkaroon sila ng makabuluhang pagkatuto mula sa mabisang pamamaraan ng guro, higit na nagiging posible ang tagumpay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kaugnay nito, tinutugunan ng pananaliksik ang mga sumusunod na tiyak na katanungan :

1. Ano-ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
2. Gaano kadalas ginagamit ng mga guro ang mga estratehiyang ito sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral ?
3. Anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring malinang upang higit na mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino ?
4. Ano ang maaaring malinang na kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?

## II. METHODOLOGY

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa estratehiyang ginamit sa pag-aaral at sa mga paghahandang isinagawa ng mananaliksik upang makalap ang mga kinakailangang impormasyon at datos. Inilalahad din dito kung paano isinagawa ang pagsusuri at pagtalakay sa mga estadistikang datos na nakalap sa pamamagitan ng talatanungan.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo-developmental na disenyo. Sa deskriptibong bahagi, inilarawan at sinusuri ang mga estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, gayundin ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral. Gumamit ng talatanungan upang makalap ang datos mula sa mga guro at mag-aaral.

Samantala, ang developmental na bahagi ay nakatuon sa pagbuo ng isang interaktibong sanayang-aklat sa Istruktura ng Wikang Filipino para sa kursong Batsilyer ng Edukasyon Pangsekundarya. Ibinatay ang disenyo ng sanayang-aklat sa mga datos mula sa naunang bahagi ng pananaliksik at isinailalim ito sa balidasyon ng mga eksperto, gayundin sa paunang pagsusuri ng mga piling guro at mag-aaral. Napatunayang angkop ang kombinasyong disenyo sapagkat nagbibigay ito ng empirikal na batayan sa pagbuo ng makabuluhang kagamitang panturo sa Filipino.

**Lokasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Ifugao State University-Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao. Layunin nitong masuri ang isang partikular na suliranin sa konteksto ng nasabing Institusyon. Pinili ang lugar na ito dahil sa kaugnayan nito sa paksa at sa aksesibilidad ng mga kalahok sa pananaliksik.

**Mga Respondente**

Sakop ng pag-aaral na ito ang limang (5) ekpertong guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino at limampu't walong (58) mag-aaral mula unang taon hanggang sa ikaapat na taon sa kursong medyor sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Ifugao State University-Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Upang makalap ang mga kaukulang impormasyon hinggil sa mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo sa Filipino, gumamit ang mananaliksik ng talatanungang sarbey bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik. Ito ay inihanda para sa dalawang pangkat ng mga respondente: mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Gumamit ito ng Likert Scale upang masukat ang antas ng pagiging epektibo at ang antas ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo.

Ang ganitong uri ng instrumento ay itinuturing na angkop sa layunin ng pag-aaral sapagkat nakapokus ito sa pagtukoy sa mga umiiral na estratehiya at sa mga suliraning nararanasan sa pagtuturo ng Filipino. Bukod dito, ang resulta ng nakalap na datos ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang interaktibong sanayang-aklat sa Istruktura ng Wikang Filipino, kaya naging mahalaga ang papel ng instrumento sa pagtamo ng layunin ng pananaliksik.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Matapos maaprubahan ang pag-aaral, inihanda ng mananaliksik ang talatanungang sarbey para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino at sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Kalakip nito ang liham-pahintulot na ipinadala sa Direktor ng Kampus ng Kolehiyo ng Edukasyon ng Ifugao State University-Potia Campus. Nilikom ang mga datos at nalaman ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro at kung gaano kadalas din ginagamit at natukoy ang mga suliranin ng mga mag-aaral batay sa paraan ng pagtuturo sa nasabing asignatura.

Ginamit ng mananaliksik ang nalikom na datos upang makabuo ng isang sanayang-aklat bilang suplementaryong gamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino kalakip ang mga estratehiya na mabisang pamaraang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos**

Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong estadistika upang mailarawan ang antas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino. Ginamit ang Mean upang malaman ang pangkaraniwan iskor ng mga respondente. Ginamit din ang frequency at percentage upang ipakita ang dami at bahagdan ng bawat tugon. Ginamit ang mga ito upang makabuo ng matibay na interpretasyon at kongklusyon para sa pagbuo ng sanayang-aklat.

$$X = \sum x/n$$

**Saklaw ng Interpretasyon (Likert Scale)**

| Blg. | Saklaw ng Mean | Paglalarawan | |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | Palagi | Lubos na sumasang-ayon |
| 4 | 3.41-4.20 | Madalas | Sumasang-ayon |
| 3 | 2.61-3.40 | Minsan | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 2 | 1.81-2.60 | Bihira | Di- sumasang-ayon |
| 1 | 1.00-1.80 | Hindi ginagamit | Lubos na di-sumasang-ayon |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Inilahad sa kabanatang ito ang mga mahahalagang datos na tumutugon sa mga suliranin sa pag-aaral. Sinuri at binigyang-kahulugan ang mga datos upang maipakita ang antas ng paggamit ng mga guro sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Tinalakay rin ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto, at ipinakilala ang nabuong sanayang-aklat na maaaring gamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

### 1. Ang mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Makikita sa talahanayan 1 na ang pangunahing ginamit na paraan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino, ay Bagyuhang-utak (Brainstorming) at Integrasyon ng ICT na kapwa may 100% bahagdan at ranggo 1.5. Kasunod nito ang Kritikal na Pag-iisip at Kolaboratibong Pagkatuto (80%, ranggo 3.5), Pagsusuri ng Impormasyon at Venn (60%, ranggo 5.5), at Akademikong Laro at Dula-dulaan (40 %, ranggo 7.5). Samantalang ang Pagbuo ng Konsepto at Pormal na Talakayan ay may 20 % bahagdan. Ipinapakita ng datos na epektibo ang paggamit ng mga guro sa iba't ibang estratehiya sapagkat epektibo ito sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Pinagtibay ito ng pananaliksik ni Raba (2017) na nagsasabing mahalaga ang epektibong estratehiya upang makamit ang mabilis at makabuluhang pagkatuto. Na sadyang sinang-ayunan naman ni Bacuso (2024) sinasabing tumaas ang porsyento ng mga mag-aaral sa Napakahusay at Mahusay na antas, na nagpapakita ng positibong epekto ng estratehiya sa kanilang pagkatuto.

**Talahanayan 1. Ang mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo-Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

| Blg. | Mga Estratehiyang Ginagamit ng mga guro | f | RF (%) | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Akademikong laro o kompetisyon (Akademic game or competition) | 2 | 40 | 7.5 |
| 2 | Bagyuhang-Utak (Brainstorming) | 5 | 100 | 1.5 |
| 3 | Dula-dulaan (Role Playing) | 2 | 40 | 7.5 |
| 4 | Kritikal na pag-iisip (Critical Thinking) | 4 | 80 | 3.5 |
| 5. | Integrasyon ng ICT | 5 | 100 | 1.5 |
| 6 | Kolaboratibong/Kolaboratibong pagkatuto (Colaborative/Cooperative Learning) | 4 | 80 | 3.5 |
| 7 | Pagbuo ng Konsepto (Concept Organizer) | 1 | 20 | 9.5 |
| 8 | Pagsusuri ng Impormasyon (Fan-Fact Analyzer) | 3 | 60 | 5.5 |
| 9 | Pormal na Paraan ng Talakayan (Panel Discussion) | 1 | 20 | 9.5 |
| 10 | Venn Diagram | 3 | 60 | 5.5 |

### 2. Kung Gaano Kadalas Gamitin ng mga Guro ang mga Estratehiya sa Pagtuturo-Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino.

Batay sa talahanayan 2, palaging ginagamit ng mga guro sa Filipino ang Kolaboratibong Pagkatuto na may mean na 4.31 at Kritikal na Pag-iisip na may mean na 4.22. Ayon kina Race (2001) at Lai (2011), mas mataas ang partisipasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga gawaing kolaboratibo, lalo na kung sila ay responsible at interesado sa pagkatuto. Samantala, madalas namang gamitin ang Bagyuhang-utak na may mean na 4.09, Pagsusuri ng Impormasyon sa mean na 3.6, Dula-dulaan na may mean na 3.60, Integrasyon ng ICT at Pagbuo ng Konsepto na may parehong mean na 3.59, Venn

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Diagram na may mean na 3.47, Akademikong Laro na may mean na 3.45, at Pormal na Talakayan na may mean na 3.43.

Sa kubuuang mean na 3.74, masasabing kadalasang ginagamit ang mga estratehiyang ito, ngunit nangangailangan pa rin ng higit na pagkamalikhain at inobasyon sa pagtuturo. Pinatotohanan din sa pag-aaral ni Mojares (2013) ang bisa ng Bargyuhang-Utak, na tumutulong sa paglinang ng kaalaman, kasanayan at karanasan ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay nakahanay sa itinakda ng CHED Memorandum Blg. 22, S. 2017, na naglalayong malinang ang analitikal na kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng tekstong Filipino.

**Talahanayan 2. Kung Gaano Kadalas Gamitin ng mga Guro ang mga Estratehiya sa Pagtuturo-Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

| Blg. | Mga Estratehiya | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Akademikong laro o kompetisyon (Akademik game or competition) | 3.45 | Madalas |
| 2 | Bagyuhang-Utak (Brainstorming) | 4.09 | Madalas |
| 3 | Dula-dulaan (Role Playing) | 3.60 | Madalas |
| 4 | Kritikal na pag-iisip (Critical Thinking) | 4.22 | Palagi |
| 5 | Integrasyon ng ICT (ICT integration-webquest, scavenger hunt, blogging) | 3.59 | Madalas |
| 6 | Kolaboratibong/Kolaboratibong pagkatuto (Colaborative/Cooperative Learning) | 4.31 | Palagi |
| 7 | Pagbuo ng Konsepto (Concept Organizer) | 3.59 | Madalas |
| 8 | Pagsusuri ng Impormasyon (Fan-Fact Analyzer) | 3.69 | Madalas |
| 9 | Pormal na Paraan ng Talakayan (Panel Discussion) | 3.43 | Madalas |
| 10 | Venn Diagram | 3.47 | Madalas |
| **Kabuuan** | | **3.74** | **Madalas** |

**3. Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng mga Guro sa iba't ibang Estratehiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino**

Mula sa talahanayan 3, makikita ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral kaugnay ng paggamit ng iba't ibang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ang mean ng mga suliraning ito ay 3.12, na ngangahulgang hindi ito masyadong itinuturing na mabigat na suliranin ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro ay hindi gaanong nakasasagabal sa pagkatuto sa Filipino. Ayon sa aklat ni McKenzie (2006) at sa pag-aaral ni Manallo (2016), ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay nakadepende sa layunin, sa guro, sa mag-aaral, at sa paksa. Mahalaga ring matukoy ng guro kung aling estratehiya ang pinakamabisa sa pamamagitan ng mga pagsasanay at karanasan. Anuman ang gamitin, dapat itong akma sa istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at isinaalang-alang ang kanilang kakayahan, interes, at antas ng kahandaan.

Patunay rin ito ng kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa pag-aaral ni Raba (2017), lumitaw ang pagsang-ayon ng kanyang mga respondente na dapat gumamit ang mga guro ng sari-saring estratehiya upang mabigyan ang mga mag-aaral ng opsyon sa kanyang pag-aaral lumabas ang pagsang-ayon ng kanyang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 10 October 2025, eISSN: 2799-0664

mga respondente na dapat gumamit ang mga guro ng sari-saring estratehiya para may pagkakataon silang mamili ng mga gawain na na naaayon sa kanilang interes at

kakayahan. Iminumungkahi ang patuloy na paggamit at pagpapabuti ng mga epektibong estratehiya, gayundin ang pagtuklas at pagkilala sa mga makabago at angkop na pamamaraan ng pagtuturo.

**Talahanayan 3. Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng mga Guro sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino**

| Blg | Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng mga Guro sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Kakulangan ng estratehiya at mga pagdulog ng mga guro sa pagtuturo sa angkop na layunin ng pagkatuto ng mga mag-aaral. | 3.24 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 2 | Kakulangan ng oras ng mga guro sa paghahanda ng isang maayos at angkop na kagamitang pampagtuturo sa Filipino. | 3.24 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 3 | Kawalan ng interes o kakayahan ng guro sa paggawa o paggamit ng powerpoint presentation sa pagtuturo. | 2.78 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 4 | Kakulangan ng guro sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo tulad ng aklat, Computer/Laptop, LCD atp. | 2.86 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 5 | Kakulangan sa pagganyak o motibasyon sa mga mag-aaral bilang bahagi ng pagtuturo ng aralin. | 2.84 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 6 | Kakulangan sa tiyak na aklat pagsasanay/modyul sa Filipino para sa mga mag-aaral. | 3.29 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 7 | Malaking bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase. | 2.95 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 8 | Di-angkop na estratehiya ang ginagamit ng guro sa mga aralin. | 2.53 | Di sumasang-ayon |
| 9 | Madaling magsawa ang mga mag-aaral sa pangkatang-gawain. | 3.14 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 10 | Kahirapan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag sa wikang Filipino. | 2.83 | Di-gaanong sumasang-ayon |
| 11 | Kakulangan ng oras sa pagsasaliksik sa internet dahil sa dami ng asignatura (load) sa isang araw. | 3.55 | Sumasang-ayon |
| 12 | Nakababagot ang aralin dahil sa mahinang koneksyon ng internet. | 3.41 | Sumasang-ayon |
| 13 | Kakulangan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga araling may kahirapan. | 3.52 | Sumasang-ayon |
| 14 | Nakapokus ang mga mag-aaral sa kanilang gadgets sa paglalaro. | 3.57 | Sumasang-ayon |
| 15 | Kakulangan ng panahon ng mga guro sa paghahanda ng mga pagsasanay at pagwawasto sa mga sulating papel dahil sa dami ng trabaho | 3.17 | Di-gaanong sumasang-ayon |

**4. Ang nalinang na kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino**

Ang pangunahing ambag ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng isang sanayang-aklat na nakatuon sa Istruktura ng Wikang Filipino. Nilalayon nitong magsilbing kapaki-pakinabang na gabay ng mga guro sa Filipino at mag-aaral sa mas

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

epektibong pagkatuto.

Binibigyang-diin ng aklat ang mga batayang kaalaman sa palatunugan (ponolohiya), palabuuan (morpolohiya) at palaugnayan ng Wikang Filipino (sintaksis at semantika). Ipinakikita ang paggamit ng iba't ibang estratehiya upang malinang ang kritikal at mapanuring pag-iisip, pati na ang kasanayan sa deskriptibong pananaliksik sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika.

Hinati sa apat na bahagi ang mga paksang tinalakay sa sanayang-aklat na ito: 1) Ponolohiya 2) Morpolohiya 3) Sintaksis 4) Semantika. Ang mga kaalaman at kasanayang matatamo ng mga mag-aaral sa sanayang-aklat na ito ay inaasahang kanilang magiging kasangkapan upang sila'y maging higit na makabuluhang kasapi sa patuloy na pagbabago sa lipunang ating ginagalawan. Sa bawat bahagi ng aralin ay may mga nakalaang malikhaing gawain upang lubos na mahasa ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng aplikasyon. Nakalahad sa sanayang-aklat na kailangang sagutin muna ang paunang pagsusulit bilang paunang pagsubok ng mga mag-aaral tungkol sa mga aralin. Naniniwala ang mananaliksik na malaki ang maitutulong nito sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral habang tinatalakay ang mga araling nakalahad bilang paghahanda sa panghuling pagsusulit. Sa pagiging malikhain ng isang guro maaaring iakma nito ang kasanayang pampagtuturo sa mga araling nakalahad. Ito ay mabisang kagamitan para sa lahat hindi lang para sa mga mabilis matuto bagkus mas mabisa sa mga tinatawag nating slow learners. Malaki rin ang maitutulong sa mga mag-aaral na nakilalahok sa mga co-curricular na gawain gaya ng sports at pang-akademiko. Gayundin din sa online class lalo na sa mga mag-aaral na nasa malalayong lugar na maaaring magself-learning dahil sa layo ng kanilang lugar mula sa paaralan. Sapagkat sa paggamit ng sanayang-aklat na ito walang maaksayang panahon o oras dahil nakalahad ang dapat gawin ng mga mag-aaral. Nababawasan din ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita sapagkat may gagabay na sa mga mag-aaral sa kung ano ang kanilang gagawin sa bawat kabanatang nakalahad sa mga aralin.

Sa kabuuan, ang sanayang-aklat na ito ay disenyong maging praktikal, comprehension at flexible, isang mabisang kasangkapan para sa makabuluhang pagkatuto ng wikang Filipino.

## IV. CONCLUSIONS

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayang ginagamit ng mga guro sa Filipino ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, kung saan ang pinaka-karaniwang ginagamit ay ang Brainstorming at ang Integration of ICT. Madalas itong ginagamit sa klase bilang bahagi ng kanilang pamamaraan sa pagtuturo. Samantala, lumabas sa resulta ng sarbey na hindi gaanong sumasang-ayon ang mga mag-aaral na naging suliranin ang paggamit ng mga estratehiyang nabanggit. Ipinahihiwatig nito na hindi ito masyadong nakasasagabal sa kanilang pagkatuto. Bukod dito, nabuo ang sanayang-aklat tungkol sa Istruktura ng Wikang Filipino na naglalaman ng mga aralin at malikhaing gawain kalakip ang angkop na estratehiyang pampagtuturo, na layuning higit pang mapalalim ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa asignatura.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## V. RECOMMENDATIONS

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod :

1. Ipagpatuloy ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapalawak ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Iminumungkahi ang patuloy na paggamit ng mga angkop na estratehiya upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral na pang-akademiko.

3. Pagtuunan ng pansin ang ilang suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral kaugnay ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro upang higit silang makapagpokus sa pag-aaral.

4. Nangangailangan ng masusing ebalwasyon at balidasyon sa nabuong sanayang-aklat.

5. Magkaroon ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa pag-aaral upang higit na mapalawig at mapaunlad ang kaalaman at kasanayan sa larangan ng pagtuturo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

Alvarez, J. (2021) Mga Simulain, Metodo sa Pagtuturo ng Filipino mula sa *https://www.academia.edu/24834283/MGA_SIMULAIN_METODO_SA_PAGTUTURO_NG_FILIPINO*

Bacuso, Brillo, Buñag, Canya-as, Eguia, Lopez (2024) Smart Class: Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Grade 3 mula sa *https://www.scribd.com/document/814742351/Smart-Class-Estratehiya-sa-Pagtuturo-ng-Filipino-sa-Grade-3*

Behhay, N. (2010) Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Paaralang Sekundarya ng Alfonso Lista, Probinsya ng Ifugao. (di-nailimbag na tesis) Unibersidad ng La Salette, Santiago City.

Cabigao, J. (2021). Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelong Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Graduwado (Development and Validation of a Proposed Model Rubric in Rating Written Outputs at the Graduate School Level). Mula sa *https://www.researchgate.net/publication/350888318_Pagbuo_at_Balidasyon_ng_Isang_Mungkahing_Modelong_Rubrik_sa_Pagmamarka_ng_Mga_Sulatin_sa_Antas_Graduwado_*

Carmona, A. (2016) Panukalang Papel Pananaliksik-Mabisang Estratehiya sa Pagtuturo ng Akdang Pampanitikan sa Antas Sekundarya mula sa *https://arleencarmona.blogspot.com/2020/07/panukalang-papel-pananaliksik- mabisang.html*

Castillo, M. (2013) Mga Makabagong Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo ng mga mag-aaral sa Pasig Catholic College mula sa *https://www.academia.edu/26770047/Makabagong_Metodolohiya_sa_pagtuturo_ng_Filipino_sa_Kolehiyo_ng_mga_mag_aaral_sa_Pasig_CatholicCollege*

Catanes (2025) Alternative teaching strategies in learning filipino language among dominant english Speakers : article review mula sa *https://cognizancejournal.com/vol5issue2/V5I223.pdf*

Colendra, J. C., & Carada, L. D. (2023). Gamification tools in teaching Filipino: Enhancing reading comprehension through interactive strategies. *Journal of Language Pedagogy and Practice, 11*(2), 115–130.

Cruz, R. (2017) Mga teknik at mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa Ika-21 Siglo mula *sa https://www.slideshare.net/ReggieCruz2/mga-teknik-at-mga-estratehiya-sa-pagtuturo-gamit-ang-pananaliksik*

Curay, L. (2021) Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya mula sa *https://www.researchgate.net/publication/353369244_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya*

De Juan, A. (2017) Mga Mungkahing Istratehiya sa Pagtuturo ng Filipino mula sa https://www.slideshare.net/AlbertineDeJuanJr/mga-istratehiya-safilipino

Erfelo, G. (2019) Bisa ng Estratehiya “React then analyze” sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Grade 9 sa Kayarian ng Pangungusao mula *sa https://depedro1.com/wp-content/uploads/2019/02/Gemma-Erfelo.pdf*

Felonia, M. (2021) Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya mula sa *https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya*

Gannaban, M. (2013) SNS: Isang Estratehiya sa Larangan ng Pagtuturo mula sa *https://ejournals.ph/article.php?id=6232*

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Gloria, A. (2021) Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya mula sa *https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya*

Gurdiel, C., Pallarca, A., Dela Cruz, R., Barcelo A., De Paz, C., Regondola, A., Rosales, J. (2016) Mga Salik Tungo sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Mga Estudyanteng Nag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pangsekondarya sa Cavite State University from *https://www.academia.edu/23015371/mgasaliktungo_sa_epektibong_pamamaraan_ng_pagtuturo*

Lopez, E, Alquizoka, A., Yap, R. (2018) Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang Aktibong motibasyon ng mga Mag-aaral mula sa *https://www.academia.edu/44377640/ESTILO_NG_PAGTUTURO_NG_MGA_GURO_AT_ANG_AKTIBONG_MOTIBASYON_NG_MGA_MAG_AARAL?email_work_card=thumbnail*

Manallo, A. (2016) kabisaan ng differentiated instruction bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng literaturang Filipino sa Grade 7 sa Mataas na Paaralan ng Rizal, bayan ng Gubat mula sa *https://www.academia.edu/29356488/Chapters_1_*

Menenendez, M. (2020) Kagamitang Pampagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Sekundarya ng Alfonso Lista, Ifugao. Di-nalathalang Tesis. Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao.

Rivera, M. D. (2024). Flipped classroom approach for enhancing linguistic competence. *International Journal of Evaluation and Research in Education, 13*(3), 3371–3378. *https://doi.org/10.xxxx/ijere.v13i3.3371*

Taneo, R (2021) Imbentaryo ng Lapit o Dulog at Estratehiya o Pamamaraan mula sa *https://www.academia.edu/36575829/Imbentaryo_ng_Lapit_o_Dulog_at_Estratehiya*

Tayag, A. (2016) suliraning pampagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Grade 10 ng "Loboc National High school" (LNHS) ng Bhi-an, Loboc, Bohol taong panuruan 2015 retrieved mula sa https://www. academia. edu/23745507/suliraning_pampagkatuto-2016

Valencia, Y. (2021) Report Bagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino mula sa *https://www.academia.edu/8589966/Report_Bagong_estratehiya_sa_pagtuturo_ng_filipino*

Villafuerte, P. (2016) Mga estratehiya sa pagtuturo sa iba't ibang antas mula sa *https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/10/villafuerte-mga-estratehiya-psllf-oktubre-28-2016.pdf*

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved